# Ang Plano ng Kaligtasan



## Ano ang Plano ng Kaligtasan?

Ang plano ng kaligtasan ay plano ng Diyos para sa kaligayahan ng Kanyang mga anak. Nakasentro ito sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kung susundin ninyo ang mga turo ni Jesucristo, magkakaroon kayo ng walang-katapusang kapayaan ng kalooban sa buhay na ito at ng walang-hanggang kagalakan sa kabilang buhay.

Sa pag-aaral ninyo ng plano ng kaligtasan, mahahanap ninyo ang kasagutan sa mga tanong na ito: "Saan ako nanggaling?" "Ano ang layunin ko sa buhay?" "Saan ako pupunta pagkatapos ng buhay na ito?"

## "Saan Ako Nanggaling?"

Ang buhay ninyo ay hindi nagsimula sa pagsilang, ni hindi ito magwawakas sa kamatayan. Kayo'y binubuo ng espiritung katawan (kung minsa'y tinatawag na kaluluwa) at pisikal na katawan. Nilikha ng inyong Ama sa Langit ang inyong espiritu, at tumira kayo sa piling Niya bilang espiritu bago kayo isinilang sa lupa. Kilala at minahal ninyo Siya, at kilala at minahal Niya kayo. Ang panahong ito ay tinatawag na buhay bago isilang.

> *"Ang plano ng [kaligtasan] . . . [ay] inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig, sa pamamagitan ni Cristo, para sa lahat ng sino mang maniniwala sa kanyang pangalan."*
>
> **Alma 22:13**

Sa buhay bago kayo isinilang, itinuro sa inyo ang mga alituntunin at kautusang maghahatid ng kaligayahan. Nadagdagan ang talino ninyo at natutuhan ninyong mahalin ang katotohanan. Itinuro sa inyo ang plano ng kaligtasan. Sa buhay na ito bago isilang, napili si Jesucristo na maging Tagapagligtas, nalaman ninyo na sa pamamagitan Niya'y malalabanan ninyo ang mga epekto ng mga mali ninyong pasiya.

Isang mahalagang bahagi ng plano ng Diyos ang pagbaba ninyo sa lupa para magkaroon ng pisikal na katawan at matutong gumawa ng mga tamang desisyon. Hindi ninyo maaalaala ang

*Ang mga salitang kulay-pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Ang pamilya ay sentro sa plano ng ating Ama sa Langit.***





buhay ninyo sa piling ng Ama sa Langit, pero bibigyan Niya kayo ng kakayahang malaman ang tama sa mali. Malalaman ninyo ang Kanyang pagmamahal at katotohanan. Sa pamamagitan ng inyong mga karanasan at pagsubok, matututo kayong palaging gumawa ng mga tamang desisyon. Sa tulong ni Jesucristo, makakabalik kayo sa piling ng inyong Ama sa Langit kapag natapos na ang buhay ninyo sa lupa.

*Bagamat hindi na ninyo ito matandaan, bago kayo isinilang sa daigdig na ito ay nabuhay kayo sa piling ng Diyos, ang inyong Amang Walang Hanggan, at ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Naghiyawan kayo sa galak nang mabigyan ng pribilehiyong pumarito sa daigdig na ito para tumanggap ng katawan at sundin ang plano ng Diyos para sa inyong kaligayahan.*

Sa buhay bago kayo isinilang, nalaman ninyo na sa pagdedesisyon lang na sundin ang plano ng Diyos kayo tatanggap ng walang-katapusang kapayapaan at kasiyahan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Dahil mahal Niya kayo, binigyan kayo ng inyong Ama sa Langit ng kalayaang pumili, o ng kapangyarihang magdesisyon. Hinahayaan Niyang piliin ninyo kung susundin ninyo ang plano Niya at ng Panginoong Jesucristo.

Si Satanas, isa sa mga espiritung anak ng Diyos, ay nagrebelde laban sa ating Ama sa Langit at hindi tinanggap ang Kanyang plano. Nais niyang pilitin tayong lahat na gawin ang kanyang kalooban. Nakakalungkot na marami sa mga anak ng ating Ama sa Langit ang nagpasiyang sundin si Satanas. Pinalayas si Satanas at ang kanyang mga kampon mula sa presensya ng Diyos at hindi na pinayagan pang maisilang sa lupa. Patuloy silang nabubuhay bilang mga espiritu. Miserable ang kanilang kalagayan, at nais nilang maging miserable ang inyong buhay. Tinutukso nila kayo at ang lahat ng anak ng Diyos na gawin ang mga bagay na nagdudulot ng kalungkutan at hindi nakalulugod sa Diyos.

*Ang mga salitang kulay-pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Marami tayong dapat malaman at maranasan sa buhay na ito.***

Sa buhay bago isilang, pinili ninyong manampalataya kay Jesucristo at sundin ang plano ng Diyos. Dahil sa inyong mga desisyon, isinilang kayo sa daigdig. Tanging sa paggawa ng ganitong mga desisyon kayo magkakaroon ng kapayapaan sa buhay na ito at makakabalik sa piling ng inyong Ama sa Langit pagkatapos ng buhay na ito.

## "ANO ANG LAYUNIN KO SA BUHAY?"

### Ang Paglikha at ang Pagkahulog

Ang daigdig ay nilikha para maging tirahan ng mga anak ng ating Ama sa Langit at magkaroon sila ng karanasan. Sina Adan at Eva ang unang mga anak ng Diyos na bumaba sa lupa. Tumira sila sa lugar na tinawag na Halamanan ng Eden, kung saan kapiling nila noon ang Diyos.

Binigyan ng ating Ama sa Langit sina Adan at Eva ng kalayaang pumili, o kalayaang magdesisyon. Inutusan Niya silang huwag kainin ang bunga ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama. Ang ibig sabihin ng pagsunod sa utos na ito ay mananatili sila sa halamanan, pero hindi sila magkakaroon ng pag-unlad na dulot ng mga karanasan at hamon. Tinukso ni Satanas sina Adan at Eva na kainin ang ipinagbabawal na bunga, at pinili nilang gawin iyon. Bahagi ito ng plano ng Diyos. Dahil sa kanilang desisyon, sila ay pisikal at espirituwal na nahiwalay sa piling ng Diyos. Naging mortal sila, ibig sabihin maaari silang magkasala at mamatay. Hindi nila kayang bumalik sa Diyos kung walang tulong mula sa Kanya. Ang pisikal at espirituwal na pagkawalay nila sa Diyos ay tinatawag na Pagkahulog.

Ipinadala ng ating Ama sa Langit ang mga anghel at ang Espiritu Santo para ituro kina Adan at Eva ang plano ng kaligtasan. Ang sentro ng planong ito ay ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na naging daan para mapaglabanan ng mga anak ng Diyos ang mga epekto ng Pagkahulog at maging maligaya sa buhay na ito at sa kawalang hanggan.

*Ang mga salitang kulay-pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

*“Kung si Adan ay hindi lumabag, hindi sana siya nahulog, manapa siya ay nanatili sa halamanan ng Eden. . . .*

*“At hindi sana nagkaroon ng mga anak [sina Adan at Eva]; anupa’t sila sana ay nanatili sa kalagayan ng kawalang-malay, walang kaligayahan, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kalungkutan; hindi gagawa ng mabuti, sapagkat hindi sila nakakikilala ng kasalanan.*

*“Ngunit masdan, ang lahat ng bagay ay ginawa sa karunungan niya na nakaaalam ng lahat ng bagay.*

*“Si Adan ay nahulog upang ang tao ay maging gayon; at ang tao ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan.”*

**2 Nephi 2:22–25**



## Ang Buhay Ninyo sa Lupa

Dahil sa Pagkahulog, kayo ay pisikal at espirituwal na nahiwalay sa Diyos. Ang paghiwalay na ito ay bahagi ng plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak. Bahagi ng layunin ninyo sa pag-alis sa Kanyang piling para bumaba sa lupa ang pagkakaroon ng katawan, at ng karanasan, at pagkatutong gumawa ng mga tamang desisyon.

> *"Ako ay anak ng Diyos,*
> *Dito'y isinilang;*
> *Handog sa 'kin ay tahana't*
> *Mabuting magulang.*
> *Akayin at patnubayan*
> *Sa tamang daan.*
> *Turuan ng gagawin*
> *Nang S'ya'y makapiling."*
>
> ***Mga Himno*, blg. 189**

Maraming bagay sa buhay ang naghahatid ng kaligayahan, at may ilang naghahatid ng kalungkutan. Ang mga karanasang ito'y tumutulong sa inyo para malaman ang mabuti at masama at gumawa ng mga tamang desisyon. Iniimpluwensyahan kayo ng Diyos na gumawa ng mabuti at sundin Siya, samantalang tinutukso kayo ni Satanas na balewalain ang Diyos at magkasala. (Ang kasalanan ay ang sadyang pagpiling gumawa ng mali o hindi paggawa ng tama.) Kapag pinili ninyong sundin ang Diyos at ang Kanyang mga utos, madaragdagan ang inyong karunungan at magiging mas matatag kayong tao. Maaari kayong maging maligaya kahit sa oras ng pagsubok, at mapayapa ninyong mahaharap ang mga problema sa buhay.

Marami na kayong nagawang mabubuting desisyon sa buhay, pero nakagawa rin kayo ng ilang maling desisyon. Kapag mali ang inyong desisyon at nagkakasala kayo, kahit paano'y nahihiwalay kayo sa Diyos. Ang tawag ng mga banal na kasulatan sa paghihiwalay na ito ay kamatayang espirituwal. Bukod sa paghiwalay ninyo sa Diyos, nakadarama din kayo ng pagkakasala at pagkahiya dahil sa kasalanan. Hindi ninyo malalabanang magisa ang kasalanan at mga epekto nito.

*Ang mga salitang kulay-pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Dapat nating pag-aralang mabuti ang ating mga desisyon.***

**Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo**

Dahil mahal kayo ng inyong Ama sa Langit, ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Jesucristo para pagbayaran ang inyong mga kasalanan. Ang kabayarang ito ay bahagi ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kusang-loob na nagdusa si Jesucristo para sa inyong mga kasalanan, sakit, karamdaman, at kalungkutan. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at awa, matutulungan Niya kayo sa mga pagsubok sa inyong buhay at mapapawi ang bigat ng damdamin at kahihiyang dulot ng inyong mga kasalanan.

> *"Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."*
>
> **Juan 3:16**

Sa pagbabayad sa inyong mga kasalanan, hindi inalis ni Jesus ang inyong kalayaang pumili o personal na responsibilidad—hindi Niya kayo lilinisin nang labag sa inyong kalooban. Para makatanggap ng tulong at kalakasan mula sa Kanya, kailangan ninyong sumampalataya sa Kanya, magsisi, magpabinyag, tanggapin ang Espiritu Santo, at piliing sundin ang Kanyang mga turo habang kayo'y nabubuhay. Sa pag-asa ninyo sa Pagbabayad-sala, madarama ninyo ang pagmamahal ng Diyos, at tutulungan Niya kayong tiisin ang mga pagsubok na darating sa inyong buhay. Makadarama kayo ng kagalakan, kapayapaan, at aliw. Lahat ng tila hindi makatarungan sa buhay ay maiwawasto ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ng awa at pagmamahal ng ating Ama sa Langit. Ang Pagbabayad-sala ang sentro sa plano ng kaligtasan.

## Saan Ako Pupunta Pagkatapos ng Buhay na Ito?

Sa pagkamatay ng tao, parang katapusan na ang kamatayang pisikal, pero ang totoo simula pa lang ito, isang hakbang sa plano ng ating Ama sa Langit. Pagkamatay ninyo, aalis ang inyong

*Ang mga salitang kulay-pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Nagdusa ang Tagapagligtas para sa ating mga kasalanan sa Halamanan ng Getsemani.***



espiritu sa inyong katawan at pupunta sa daigdig ng mga espiritu, na isang lugar ng pagkatuto at paghahanda. Sa daigdig ng mga espiritu, maaalala pa rin ninyo ang buhay na ito.

Hindi babaguhin ng kamatayan ang inyong pagkatao o ang mabuti o masamang hangarin ninyo. Kung pipiliin ninyong sundin si Cristo sa buhay ninyo sa daigdig, magiging payapa kayo sa daigdig ng mga espiritu at mapapahinga sa inyong mga problema. Ang mga taong hindi susunod kay Jesucristo at hindi magsisisi ay hindi magiging maligaya.

*Pagkamatay ninyo lilisanin ng inyong espiritu ang inyong katawan at magpupunta sa daigdig ng mga espiritu, isang lugar ng paghahanda, pagkatuto, at kapahingahan mula sa alalahanin at kalungkutan.*

Alam ng ating Ama sa Langit na marami sa mga anak Niya ang hindi magkakaroon ng pagkakataong makilala si Jesucristo habang nabubuhay sila at pipiliin naman ng iba na hindi sumunod sa Kanya. Dahil mahal Niya ang Kanyang mga anak, gumawa ng paraan ang Diyos para malaman ng mga nasa daigdig ng mga espiritu ang Kanyang plano, manampalataya kay Jesucristo, at magsisi. Ang tatanggap at susunod kay Jesucristo ay magkakaroon ng kapayapaan at kapahingahan.

## Pagkabuhay na Muli at Paghatol

Ang isa sa mga dakilang regalo ng Diyos sa lahat ng nabuhay sa lupa ay ang pagkabuhay na muli, na naging posible dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Nang mamatay si Jesus sa krus, nagpunta ang Kanyang espiritu sa daigdig ng mga espiritu. Pagkatapos ng tatlong araw, nagsama ulit ang Kanyang espiritu at ang maluwalhati at perpektong katawan na hindi na mamamatay. Ang muling pagsasamang ito ng katawan at espiritu ay tinatawag na *pagkabuhay na muli*. Lahat ng isinilang sa lupa ay mabubuhay muli.

Matapos kayong mabuhay na muli, haharap kayo sa Diyos para hatulan ayon sa mga ginawa ninyo at hangarin ng inyong puso.

*Ang mga salitang kulay-pula ay may paliwanag sa mga pahina 18 at 19.

***Nagpakita kay Maria ang nabuhay na muling Tagapagligtas.***



## Mga Antas ng Kaluwalhatian


Matapos kayong hatulan, mabubuhay kayo sa isang estado ng kaluwalhatian. Dahil iba-iba ang gawain at hangarin ng bawat isa, ang langit ay binubuo ng iba't ibang kaharian, o digri ng kaluwalhatian.

**Kahariang selestiyal.** Ang ating Ama sa Langit at si Jesucristo ay nakatira sa kahariang selestiyal. Kung mamumuhay kayo ayon sa ebanghelyo ni Jesucristo at malilinis mula sa kasalanan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, magkakaroon kayo ng lugar sa pinakamataas na kahariang ito. Makakapiling ninyo ang Diyos at magiging lubos na masaya.

**Kahariang terestriyal.** Ang mga taong ayaw tumanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo pero namumuhay nang marangal ay magkakaroon ng lugar sa kahariang terestriyal.


**Kahariang telestiyal.** Ang mga patuloy na nagkakasala at ayaw magsisi ay magkakaroon ng lugar sa kahariang telestiyal.

### Ginawang posible ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang kaligtasan.



## Ano ang Kahulugan ng Plano sa Akin?

Kapag nauunawaan ninyo na ang Diyos ay inyong Ama, na mahal Niya kayo, at gumawa Siya ng paraan para magkaroon kayo ng karanasan at kaalaman dito at maging katulad Niya pagkatapos ng buhay na ito, alam ninyo na mahalaga ang mga desisyon ninyo sa buhay. Nauunawaan ninyo na dapat sundin si Jesucristo para matanggap ang buong pagpapala ng plano ng ating Ama sa Langit.



## Paano Ko Malalaman?

Dumating ang dagdag na kaalaman tungkol sa plano ng kaligtasan dahil sa Panunumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith.

Malalaman ninyo mismo na totoo ang mga bagay na ito kapag nagtanong kayo sa inyong Ama sa Langit sa panalangin. Sasagutin Niya kayo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Tinatawag ding Espiritu ng Diyos ang Espiritu Santo, at isa sa Kanyang mga tungkulin ang sumaksi, o magpatunay sa katotohanan. Inihahayag at pinagtitibay ng Espiritu Santo ang katotohanan sa pamamagitan ng damdamin, kaisipan, at impresyon. Ang damdaming galing sa Espiritu Santo ay makapangyarihan, ngunit karaniwa'y banayad at payapa ito. Tulad ng itinuro sa Biblia, "Ang bunga ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaamuan, [at] pagpipigil" (Mga Taga Galacia 5:22–23). Ang mga damdaming ito ay pagpapatunay mula sa Espiritu Santo na ang mensaheng ito ay totoo. Sa gayo'y kakailanganin ninyong piliin kung mamumuhay kayo ayon sa mga turo ni Jesucristo na ibinalik sa pamamagitan ni Joseph Smith.

### *Paano Ako Magdarasal?*

- *Bigkasin ang pangalan ng inyong Ama sa Langit.*
- *Ipahayag ang nadarama ng inyong puso (pasasalamat, mga tanong, kahilingan para mapagtibay ang katotohanan ng Aklat ni Mormon at ang naituro ng mga misyonero).*
- *Magwakas ("Sa pangalan ni Jesucristo, amen").*

***Malalaman ninyo ang katotohanan sa pamamagitan ng taimtim na panalangin.***



## LISTAHAN NG MGA SALITA

**Ang Pagkahulog** Ang pangyayari kung saan naging mortal ang sangkatauhan. Nagresulta ito sa espirituwal at pisikal na pagkahiwalay sa Diyos. Dahil hindi sumunod sina Adan at Eva, ang mga unang tao, sa mga utos ng Diyos, nahiwalay sila sa Kanyang piling (ang pagkahiwalay na ito ay tinatawag ding kamatayang espirituwal) at naging mortal (maaaring mamatay). Bilang mga inapo nina Adan at Eva, tayo man ay nahiwalay sa Diyos at maaaring mamatay. Parehong nadaig ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang kamatayang pisikal at espirituwal.

**Biyaya** Tulong at kalakasang mula sa langit na ibinibigay dahil sa awa at pagmamahal ni Jesucristo. Dahil sa Kanyang biyaya, na naging posible dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, mabubuhay na muli ang buong sangkatauhan. Dahil sa Kanyang biyaya, madarama ng mga taong patuloy na nagsisisi at namumuhay ayon sa Kanyang ebanghelyo na napapalapit sila sa kanilang Ama sa Langit sa buhay na ito at makakapiling Siya pagkatapos ng buhay na ito.

**Buhay bago isilang** Ang buhay natin bago tayo isinilang sa daigdig na ito. Sa buhay bago tayo isinilang, nakapiling natin ang ating Ama sa Langit bilang Kanyang mga espiritung anak. Wala tayong pisikal na katawan noon.

**Daigdig ng mga espiritu** Lugar na pinupuntahan ng ating mga espiritu sa pagitan ng kamatayan at pagkabuhay na muli. Para sa mga taong mabubuti noong nabubuhay pa sila, ang daigdig ng mga espiritu ay lugar ng kapayapaan at kaligayahan.

**Espiritu** Ang bahagi ng isang tao na nabuhay sa piling ng Ama sa Langit bago isinilang. Sa buhay sa lupa, ang espiritu ay nakasanib sa pisikal na katawan. Patuloy na nabubuhay ang espiritu pagkatapos ng kamatayan.

**Kalayaang Pumili** Ang regalo mula sa Diyos na pumili sa pagitan ng mabuti at masama, ng tama at mali.

**Kaligtasan** Pagkaligtas mula sa kasalanan at kamatayan. Ang kaligtasan ay naging posible dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Dahil sa Pagkabuhay na Muli ni Jesucristo, madadaig ng lahat ang mga epekto ng kamatayan. Maliligtas din tayo mula sa mga epekto ng kasalanan sa pamamagitan ng pagsampalataya kay Jesucristo. Ang pananampalatayang ito ay makikita sa habambuhay na pagsisisi at pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo at paglilingkod kay Cristo.

**Kamatayang espirituwal** Pagkahiwalay sa Diyos dahil sa hindi pagsunod sa Kanyang mga utos. Tayo'y naliligtas sa kamatayang espirituwal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo kapag nagsisisi tayo at sumusunod sa Kanyang mga utos.

**Kamatayang pisikal** Ang paghiwalay ng espiritu sa mortal na katawan. Kapag namatay ang pisikal na katawan, ang espiritu ay patuloy na nabubuhay sa daigdig ng mga espiritu. Madadaig natin ang kamatayang pisikal sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli, na naging posible dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

**Ordenansa** Isang sagrado at pormal na pagkilos na isinasagawa ng awtoridad ng priesthood. Kabilang sa mga halimbawa ang binyag, pagtanggap ng Espiritu Santo, at ang sakrament. Kadalasan ang mga ordenansa ay paraan ng pakikipagtipan sa Diyos.

**Pagbabayad-sala** Ang pangyayari na nagbigay-daan para makipagkasundo tayo sa Diyos. Ang ibig sabihin ng magbayad-sala ay pagdusahan ang parusa sa kasalanan. Sa ganitong paraan ay mapapawi ang mga epekto nito sa mga makasalanan na nagsisisi. Si Jesucristo lang ang kaisa-isang makagagawa ng lubos na Pagbabayad-sala para sa buong sangkatauhan. Kasama sa Kanyang Pagbabayad-sala ang Kanyang pagdurusa para sa ating mga kasalanan, pagbubuhos ng Kanyang dugo, at Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Muli. Dahil sa Pagbabayad-sala, lahat ng nabuhay ay mabubuhay na muli. Maaari ding mapatawad ang ating mga kasalanan at makapiling ang Diyos magpakailanman dahil sa Pagbabayad-sala.

**Pagkabuhay na muli** Pagkatapos ng kamatayang pisikal, ang muling pagsasama ng espiritu at ng perpektong pisikal na katawang may laman at buto. Si Jesucristo ang unang nabuhay na muli. Kapag tayo'y nabuhay na muli, hindi na muling maghihiwalay ang espiritu at katawan, at mabubuhay ang tao magpakailanman. Lahat ng nabuhay ay mabubuhay na muli dahil sa Pagbabayad-sala.

**Plano ng kaligtasan** Ang plano ng ating Ama sa Langit na nagbibigay-daan para maging katulad Niya tayo at tumanggap ng lubos na kaligayahan. Ang planong ito ay nakasentro sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo at kabilang dito ang lahat ng utos, ordenansa, at mga turo ng ebanghelyo.

## DAGDAG NA PAG-AARAL

Ang sumusunod na mga tanong at banal na kasulatan ay makatutulong sa inyo para madagdagan ang inyong kaalaman tungkol sa mga alituntunin na nasa polyetong ito at mapag-isipan ang mga ito. Hindi saklaw ng listahang ito ang lahat; ituturo kayo ng mga talababa at reperensya sa mga banal na kasulatan sa mga karagdagang talata at sanggunian.

**Ano ang kaugnayan mo sa Diyos bago ka isinilang?**

Jeremias 1:5 (Biblia, Lumang Tipan)
Sa Mga Hebreo 12:9 (Biblia, Bagong Tipan)

**Ano ang Pagkahulog? Bakit ito kailangan?**

2 Nephi 2:14–26 (Aklat ni Mormon, mga pahina 81–83)
Alma 42:2–9 (Aklat ni Mormon, mga pahina 454–55)

**"Ano ang layunin ng inyong buhay dito?" Paano makakaapekto ang kaalamang ito sa mga desisyong ginagawa ninyo sa bawat araw?**

2 Nephi 2:25–27 (Aklat ni Mormon, pahina 83)
Alma 34:32 (Aklat ni Mormon, pahina 430)

**Ano ang Pagbabayad-sala? Paano kayo matutulungan nito sa araw-araw ninyong pamumuhay?**

Juan 3:16–17 (Biblia, Bagong Tipan)

Mga Taga Roma 3:23–25 (Biblia, Bagong Tipan)

2 Nephi 2:6–8 (Aklat ni Mormon, pahina 80)

Alma 7:11–12 (Aklat ni Mormon, pahina 323)

Alma 42:22–23 (Aklat ni Mormon, pahina 456)

**Ano ang daigdig ng mga espiritu? Ano ang nangyayari doon?**

I Ni Pedro 4:6 (Biblia, Bagong Tipan)

Alma 40:11–14 (Aklat ni Mormon, pahina 449)

**Ano ang ibig sabihin ng mabuhay na muli? Sino ang mabubuhay na muli? Bakit mahalaga ang pagkabuhay na muli?**

2 Nephi 9:13–15 (Aklat ni Mormon, mga pahina 103–4)

Alma 11:42–45 (Aklat ni Mormon, pahina 341)

**Ano ang langit? Bakit may iba't ibang antas ng kaluwalhatian?**

I Mga Taga Corinto 15:40–43 (Biblia, Bagong Tipan)

# Magsimba Tayo

## Halina't Tingnan Kung Paano Mapagpapala ng Ipinanumbalik na Ebanghelyo ang Inyong Buhay



Ang sakrament miting ang pinakamahalagang bahagi ng simba. Karaniwan itong tumatagal nang mahigit isang oras at binubuo ng sumusunod:

*Mga himno:* Kinakanta ng kongregasyon (May nakalaan na mga himnaryo.)

*Mga panalangin:* Ibinibigay ng mga lokal na miyembro ng Simbahan.

*Ang sakrament:* Ang tinapay at tubig ay binabasbasan at ipinapasa sa kongregasyon bilang pag-alaala sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

*Mga tagapagsalita:* Karaniwan ay isa o dalawang miyembro ng kongregasyon na itinakdang magsalita tungkol sa mga paksa ng ebanghelyo.

*Pananamit:* Ang lalaki ay karaniwang nakasuot ng maayos na pantalon at malinis na polo at kurbata. Ang mga babae ay nagsusuot ng bestida o palda't blusa.

Hindi nanghihingi ng mga donasyon sa oras ng pagsamba.

Iniimbita din namin kayong dumalo sa iba pang mga miting, ayon sa inyong interes at batay sa inyong edad. Maaaring maiba ang pagkakasunud-sunod at pagdaraos ng mga miting na ito.

*Sunday School:* Mga klase sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at doktrina ng ebanghelyo.

*Mga miting ng Priesthood:* Mga klase para sa mga lalaking edad 12 pataas.

*Relief Society:* Mga klase para sa mga babaeng edad 18 pataas.

*Young Women:* Mga klase para sa mga babaeng edad 12 hanggang 18.

*Primary:* Grupo at mga klase para sa mga batang edad 3 hanggang 11. Madalas ay mayroong nursery para sa mga batang edad 18 buwan hanggang 3 taon.




Oras ng sakrament miting: ______________________________

Address ng kapilya: ______________________________

______________________________

# *Ano ang Dapat Kong Gawin?*




- *Basahin ang Aklat ni Mormon. Mga mungkahing babasahin:* ______________
- *Magdasal para malaman na totoo ang itinuro ng mga misyonero.*
- *Magsimba.*
- *Maghandang magpabinyag sa* ______________
- *Bisitahin ang www.mormon.org para madagdagan ang kaalaman tungkol sa plano ng Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak.*
- *Patuloy na makipagkita sa mga misyonero para madagdagan ang kaalaman tungkol sa mga katotohanan na ibinalik ng Diyos sa pamamagitan ng mga makabagong propeta.*

  *Susunod na pakikipagkita:* ______________

  *Mga pangalan at numero ng telepono ng mga misyonero:*

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

**www.mormon.org**

**Mga Image Credit**
Pabalat sa harapan: Detalye mula sa *Siya ay Nagbangon*, ni Del Parson
© Del Parson. Bawal kopyahin
Pahina 11: Detalye mula sa *Si Cristo sa Getsemani*, ni Harry Anderson
Pahina 13: *Siya ay Nagbangon*, ni Greg Olsen. © Greg Olsen. Bawal kopyahin

© 2006 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.
Pagsang-ayon sa Ingles: 11/05. Pagsang-ayon sa pagsasalin: 11/05. Pagsasalin ng *The Plan of Salvation*. Tagalog.

TAGALOG
4 02011 57893 4
01157 893